


Sinabi ng Ama sa Langit kay Adan at Eva na kung kakainin nila ang bunga ng isa sa mga puno, mapapaalis sila sa Eden. Tinukso ni Satanas si Eva na kainin ang bunga, at ginawa nga niya. Ganoon din si Adan.

Ang pagpili nilang umalis sa Eden ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit. Matapos silang umalis sa Eden, sina Adan at Eva ay natutong manalangin, magsisi, at manampalataya kay Jesus. Naging mga magulang sila at itinuro sa kanilang mga anak ang ebanghelyo. Ang buhay sa labas ng Eden ay mas mahirap, ngunit natuto sila ng mahahalaga at bagong mga bagay. Naging masaya sila.

